# Mga Tuntunin at Kundisyon sa Direktang Pag-install ng Mga Hardin

## Mga Kahulugan

- Ang "LBWD" ay tumutukoy sa Kagawaran ng Patubig ng Long Beach.
- Ang "Lungsod" ay tumutukoy sa Lungsod ng Long Beach.
- Ang "Programang DIG" ay tumutukoy sa Programang Direktang Pag-install ng Mga Hardin ng Long Beach
- Ang "May-ari ng Property" ay ang may-ari ng property (ang damuhan) na kabilang sa muling pagla-landscape sa ilalim ng Programang DIG. Ang "Muling Na-Landscape na Lugar" ay tumutukoy sa harap na bakuran at mga bahaging parkway, na kabilang sa at muling na-landscape sa ilalim ng Programang DIG.

## Pangkalahatang Tuntunin

Kailangang pirmahan ng May-ari ng Property at ipasa ang aplikasyon sa DIG.

- Isang aplikasyon sa Programang DIG lamang ang dapat ipasa ng bawat Mayari ng Property (Naglalaan ang LBWD ng karapatang beripikahin ang pagmamay-ari ng property)
- Ang mga property ay dapat na sinasakop ng May-ari ng Property para maging karapat-dapat sa Programang DIG.
- Ang mga muling na-landscape na lugar ay dapat (1) nasa harap na bakuran at mga lugar ng parkway; (2) kabilang lamang ang mga lugar na sakop ng buhay na turf grass (na dapat ay buhay sa oras ng pag-apply at sa oras ng inspeksyon ng LBWD); (3) mga bagong proyekto; (4) sa property kung saan ang serbisyo ng tubig ay binibigay ng LBWD at dapat nasa ilalim ng tract ng census 06037570602.
- Ang May-ari ng Property ang tanging may responsibilidad sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, pahintulot, ordinansa, kodigo, patakaran, kasunduan, at kundisyon na maaaring malapat sa paggawa ng proyektong pagtatanggal ng damuhan/pagpapalit ng landscape. Para sa impormasyon sa pagtatayo at pahintulot ng Lungsod ng Long Beach, tawagan ang (562) 570-6651. Ang mga ari-ariang nasa mga makasaysayang distrito ay maaaring mangailangan ng espesyal na pahintulot mula sa Lungsod at ang mga pahintulot na ito ay tanging responsibilidad ng May-ari ng Property.
- Ang Mayari ng Property ang may natatanging responsibilidad sa kalidad, itsura, at pagpapanatili ng Na-landscape na Lugar sa loob ng 5 taon pagkatapos ng petsa ng paglalagay. Kung ang May-ari ng Property ay may mga problem sa pagpapanatili ng Na-landscape na Lugar, dapat abisuhan ng May-ari ng Property ang LBWD. Kung bigong mapanatili ng May-ari ng Property ang Na-landscape na Lugar at hindi pinaalam sa LBWD ang mga problema sa pagpapanatili, ang LBWD ay magtatalaga ng isang pangkat ng pagpapanatili sa lugar ng proyekto. Ang LBWD ay naglalaan ng karapatan, sa pagpapasya ng Pangkalahatang Tagapamahala nito, na humiling ng kabayarang $250 mula sa May-ari ng Property na gagamitin para gastusin sa pagpapanatili dahil sa pagpapabaya ng May-ari ng Property.
- Ang May-ari ng Property ay sumasang-ayong ibigay sa Lungsod ang di mababawing pahintulot sa mga kagawaran (kabilang ang LBWD nang walang limitasyon), konseho, komisyon, direktor, opisyal, empleyado, ahente, at tagapag-disenyo (kolektibong tinatawag na "Lungsod") nito na kunan ng larawan at pagkakawangis ang aplikante at/o ng larawan ang Na-landscape na Lugar at ang totoo at personal na property ng aplikante sa pamamagitan ng mga larawan, videotape, pelikula, pagrerekord, at iba

pang media (kolektibong tinatawag na “Larawan”). Kinikilala ng May-ari ng Property ang Lungsod ang magmamay-ari ng mga Larawang ito at dagdag dito ay pinahihintulutan ang Lungsod na i-copyright, ipakita, ilathala, ipamahagi, gamitin, baguhin, i-print at muling i-print ang mga Larawang iyon sa anumang paraang may kaugnayan sa negosyo ng Lungsod, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga lathala, anunsyo, brochure, larawan sa web site o iba pang elektronikong pagpapakita at transmisyon nito. Ipinapasawalang-bisa ng May-ari ng Property ang Lungsod mula sa anumang karapatang inspeksyunin o aprubahan ang paggamit ng Mga Larawan ng Lungsod bago gamitin ang mga ito. Inilalabas magpakailanman ng May ari ng Property ang Lungsod mula sa anuman at lahat ng pananagutan mula sa paggamit ng Mga Larawan sa anumang paraan o numang media at pinapawalang-bisa ang anuman at lahat ng paghahabol at dahilan ng aksyong may kaugnayan sa pagggamit ng Mga Larawan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga paghahabol sa panghihimasok sa mga karapatan sa privacy o pagkakalantad.

- Ang May ari ng Ari-arian ay sumasang-ayon na gawing available ang Na-landscape na Lugar at ang ari-arian, kung kinakailangan, sa LBWD at/o mga ahente nito, para makunan ng larawan at video ng mga nasabing partido ang bago at pagkatapos ng Na-lanscape na Lugar para sa mga layuning promosyonal, kung saan ang mga promosyon ay maaaring lumabas sa print, sa internet, o sa iba pang lugar, at sumasang-ayon din na ang May ari ng Ari-arian ay walang interes sa pag-angkin ng disenyo ng Na-landsape na Lugar o sa mga plano o sa iba pang dokumentong nagpapatunay sa nasabing disenyo.
- Dapat na magsumite ang May ari ng Property ng pagpapatunay ng kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 80% ng median na kita sa buong estado.

| **Laki ng Sambahayan** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** | **6** | **7** | **8** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **80% ng Mga Limitasyon sa Median na Kita ng Pamilya ($) (Lugar ng Metro FMR ng HUD ng CA)** | 58,450 | 66,800 | 75,150 | 83,500 | 90,200 | 96,900 | 103,550 | 110,250 |

- Anumang aplikasyong naglalaman ng hindi tama o nakapanlilinlang na impormasyon ay mawawalan ng karapatan sa Programang DIG at ang anuman at lahat ng pangakong ginawa ng LBWD na may kaugnayan sa aplikasyon, kabilang ang mga pangako sa mga paglalagay ng Programang DIG, ay dapat awtomatikong mapapawalang-bisa at magiging walang saysay.
- Ang May ari ng Property ay limitado sa isang aplikasyon sa Programa ng DIG sa bawat account ng tubig; Kung ang isang tao/kumpanya ay nagmamay-ari ng maramihang property, 1 lamang sa naaprubahang aplikasyon sa Programang DIG ang magiging karapat-dapat.
- Kinikilala ng May ari ng Property na ang pondo ay limitado at ang mga direktang paghulog ay available sa basehang first come, first served hanggang ang mga pondo ay maubos o matapos ang programa.
- Ang May-ari ng Property, kung maipapasa ang aplikasyon sa Programang DIG online, ay maaaring hilingin ng LBWD, bilang isang kundisyon ng pagtanggap ng insentibong kabayaran, na pirmahan ang isang kopya ng papel ng aplikasyon sa loob ng dalawang (2) linggo na inaabisuhang naaprubahan, kung gagawin ng LBWD ang aplikasyon ng papel na available sa May-ari ng Property.

Sumasang-ayon ang May-ari ng Property na palayain at ituring na walang pinsala ang Lungsod mula sa anuman at lahat ng pananagutang nauugnay sa Programang DIG, sa Muling Na-landscape na Lugar, o sa mga nakontratang serbisyo o produkto na maaaring nilagay bilang bahagi nito. Ang anumang paghahabol na namaaaring mayroon ang May-ari ng Property ayon sa anumang depekto o bigong pagsasagawa ng isang nakontratang serbisyo o device o materyales na binili ng May-ari ng Property ay dapat ituloy nang may kontraktor o tagagawa/tagapamahagi.

### Kagawaran ng Patubig ng Long Beach (LBWD)

- Ang natatanging may awtoridad na solusyunan ang lahat ng mga reklamong may kinalaman sa Programang DIG, pag-apruba ng mga aplikasyon, at lahat ng iba pang kaugnay na bagay na mahalaga sa Programang DIG.
- Ilang impormasyong may kaugnayan sa rebate at at insentibong ginawa ng LBWD sa mga customer at kontraktor ay maaaring maharap sa Act ng Pampublikong Rekord ng California. Ang impormasyong tulad ng pangalan at address ng mga aplikante at dami ng rebate o insentibong natanggap ay magiging pampublikong impormasyon kung ang isang kahilingan sa Act sa Pampublikong Rekord ay hilingin.